Mabibilis na Katotohanan 22

Paghahanda para sa Iyong Driving Test

STATE OF CALIFORNIA
DMV
Department of Motor Vehicles

Layunin ng DMV

Isa sa mga pangunahing layunin ng Department of Motor Vehicles (DMV) ang pagpapanatiling may lisensya ang lahat ng nagmamaneho hangga't ligtas itong gawin, habang pinahuhusay ang kaligtasan sa highway sa pamamagitan ng pagpapataas ng kahusayan ng nagmamaneho. Kinikilala ng DMV na ang pagsasarili at kadaliang kumilos na ibinibigay ng pagmamaneho ay mahahalagang salik sa kalidad ng buhay para sa karamihan ng Californian.

Gusto ng DMV na Pumasa Ka

Maraming tao ang kumukuha ng kanilang driving test nang walang sapat na paghahanda, walang sapat na practice, o hindi nagpa-practice sa tamang paraan. Makikisakay sa iyo ang taga-eksamen ng DMV para lamang tiyakin na kaya mong magmaneho nang ligtas at sumunod sa mga batas trapiko.

Ang iyong driving test ay tatagal nang humigit-kumulang 20 minuto. Ang test ay binubuo ng mga pangunahing aksyon na mararanasan mo habang nagmamaneho, tulad ng:

- Mga pagliko sa kaliwa at kanan.
- Mga paghinto sa mga kontrolado/hindi kontroladong crossing.
- Tuwid na linyang pag-atras.
- Pagpapalit ng lane.
- Pagmamaneho sa regular na trapiko sa kalsada.
- Pagmamaneho sa freeway (kung kinakailangan).

Pag-aralan ang brochue na ito at ang *Handbook ng Nagmamaneho sa California (*DL 600). Magrelaks at gawin ang pinakamahusay na iynog magagawa.

Ano ang Dapat Asahan?

Asahan na itatrato ka nang may paggalang, pagkapatas, at kagandahang-loob sa buong proseso ng eksaminasyon. Makipag-ugnayan sa manager ng opisina kung hindi ganito ang pagtrato sa iyo.

Sino ang Kumukuha ng Driving Test?

Kailangan ng driving test kung ikaw ay:

- Hindi kailanman nagkaroon ng lisensya sa California o alinmang iba pang estado o mayroon kang lisensya sa pagmamaneho mula sa ibang bansa.
- May problema sa paningin.
- May lisensya sa pagmamanehong mayroong limitadong termino para sa mga tinukoy na kondisyong pisikal at pangkaisipan.
- May pisikal na kondisyon (maliban sa mga corrective lens) kung saan nagpapatupad ang DMV ng restriksyon o mayroon kang restriksyon sa iyong lisensya sa pagmamaneho at hinihiling mong alisin ang restriksyon.
- Mayroong out-of-state na junior, probisyonal, o probationary na lisensya sa pagmamaneho.
- Mayroong lisensya sa ibang estado ngunit wala sa iyo ang lisensya sa pagmamaneho para i-surrender ito.

Karaniwang hindi na ipinatutupad ang mga driving test para sa mga renewal ng lisensya sa pagmamaneho o mga taong mayroong lisensya sa pagmamaneho mula sa ibang estado o teritoryo ng U.S., kung maipapakita ang lisensya sa pagmamaneho. Gayunpaman, maaaring humingi ang DMV ng driving test anumang oras.

Pareho bang Mga Pamantayan ang Ginagamit sa Lahat ng Driving Test?

Ang driving test para sa hindi komersyal na Class C (basic) na lisensya sa pagmamaneho ay pareho para sa lahat ng nagmamaneho anuman ang edad. Parehong uri ng driving test ang kinukuha ng nagmamanehong nasa hustong gulang sa isang kabataang nagmamaneho. Gayunpaman, ang isang nagmamanehong may kondisyong pisikal at pangkaisipan ay maaaring kumuha ng ibang bersyon ng driving test na naglalaman ng mga karagdagang elemento ng test.

Paghahanda para sa Iyong Driving Test

- ***Mag-practice nang sapat.*** Ang ibang nagmamaneho ay nangangailangan ng mas maraming practice kaysa sa iba. Ang mga menor de edad (na wala pang 18 taong gulang) ay dapat kumpletuhin ang 50 oras na pagsasanay habang nagmamaneho (10 oras ay dapat pagmamaneho sa gabi) bago kumuha ng driving test. Kapag nagpa-practice ka, isipin mong kumukuha ka ng driving test. Hilingin sa kasama mong nagmamaneho na kalmadong ituro ang iyong mga pagkakamali. Magtanong tungol sa mga partikular na sitwasyon sa pagmamaneho kung saan maaaring nalito ka at itama ang iyong mga pagkakamali. Sa susunod na pagkakataong mag-practice ka, itama ang anumang pagkakamali sa pagmamaneho na nagawa mo dati. Nariyan ang taga-eksamen ng DMV upang tiyaking naipakita mo na mapanghahawakan mo ang iyong sasakyan sa normal na mga kalagayan ng trapiko, at hindi para lokohin ka. Sa panahon ng iyong driving test, itatala ng taga-eksamen kung paano ka sumusunod sa mga batas ng kalsada at mga karatula ng trapiko at/o mga senyas. Itatala nila ang iba pang mga bahagi kung saan maaaring kailanganin mo pang magpaunlad.
- Isapraktika ang ***mga tip sa ligtas na pagmamaneho.*** Upang mapahusay ang iyong mga kakahayan sa pagmamaneho:
  - — Suwabeng ipihit ang manibela sa lahat ng pagkakataon.
  - — Suwabeng dagdagan ang bilis ng iyong takbo. Huwag irebolusyon ang makina o pahintuin ito.
  - — Dahan-dahang ihinto ang sasakyan. Simulang pumreno nang malayo pa sa dapat mong hintuan upang iwasan ang biglaang paggalaw. Alamin kung saan dapat hihinto. Mag-ingat sa mga tawiran ng tao. Kapag may nakaharang sa paningin mo sa isang tawiran ng tao, dahan-dahang umabante at tumingin sa parehong panig bago tumawid.

— Siguraduhing nasa tamang gear ang iyong sasakyan. Huwag i-grind ang mga gear. Huwag mag-coast hanggang sa paghinto.

— Palaging sundin ang mga nakatakdang limitasyon ng bilis. Kung kinakailangan, bawasan ang iyong bilis ayon sa umiiral na lagay ng panahon, kalsada, at iba pang mga kondisyon ng trapiko. Huwag kalimutang i-on ang iyong headlights kung kailangan mong gamitin ang iyong windshield wipers sa masamang lagay ng panahon.

— Sumunod nang may ligtas na distansya. Gamitin ang panuntunan ng 3 segundo. Dagdagan ang distansya mo sa iyong sinusundan kapag masama ang panahon o mahirap makakita.

— Alamin kung ano ang ibig sabihin ng mga senyales ng trapiko at sundin ang mga ito sa lahat ng pagkakataon.

— Palaging gamitin ang tamang lane at simulan ang pagliko mula sa tamang lane papunta sa tamang lane.

— Sumenyas para sa lahat ng paglipat ng lane at pagliko.

— Palaging maghanap ng mga posibleng panganib (magsiyasat), at madalas na itsek ang iyong mga salamin. Laging tumingin sa tamang shoulder bago magpalit ng lane o umalis sa gilid ng bangketa.

— Maingat na magmaneho. Asahan nang magkakaroon ng mga pagkakamali ang ibang nagmamaneho.

Aralin ang *Handbook ng Nagmamaneho sa California* (DL 600), mga *Mga Gabay sa Pagsasanay ng Magulang at Kabataan* (DL 603), *Gabay para sa Ligtas na Pagmamaneho ng Mga Nakatatanda* (DL 625), *Mga Pamantayan sa Driving Test* (DL 955), *Checklist Bago Magmaneho (Pamantayang Pangkaligtasan), Paghahanda Para sa mga Dagdag na Pagtatasa sa Iyong Pagmamaneho* (DL 956), Check List ng Ligtas na Nagmamaneho, mga video at mga sample test na available sa **dmv.ca.gov**. Ang mga tool na ito ay nagbibigay ng mga detalyadong tagubilin kung paanong wastong isasagawa ang mga aksyon sa pagmamaneho na kinakailangan sa isang driving test, ang mga batas, patakaran ng kalsada, at mga ligtas na kasanayan sa pagmamaneho.

Iba Pang Impormasyon sa Test

Para sa iyong kaligtasan, hilingin sa taga-eksamen na ipakita sa iyo ang kanilang tsapa ng pagkakakilanlan mula sa DMV bego magsimula ang test. Tanging ang taga-eksamen o iba pang mga awtorisadong tauhan ng DMV ang pinahihintulutan sa panahon ng iyong driving test. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tanungin ang taga-eksamen **bago** magsimula ang iyong driving test. Sa panahon ng test, magtatanong ang taga-eksamen at bibigyan ka ng mga direksyon ngunit hindi sila makikipag-usap tungkol sa kung anu-anong bagay.

Mahalaga: Ang mga teknolohiya tulad ng mga camera at sariling pagparada ay hindi maaaring gamitin nang mag-isa sa isang driving test.

Mga Kinakailangan sa Sasakyang Gagamitin sa Test

Ang sasakyan na iyong gagamitin para sa iyong driving test ay dapat ligtas imaneho. Bago ang test, susuriin ng taga-eksamen ang:

- 2 plaka ng lisensya. Dapat ipakita ng likurang plaka ang kasalukuyang rehistro.
- Gumaganang harapan at likurang senyas sa pagliko at mga ilaw ng preno.
- Gumaganang busina na dinisenyo para sa sasakyan.
- Gulong na walang kalbong bahagi.
- Sapat na presyon ng preno (paaapakin ka sa pedal ng preno upang makita kung gumagana ito nang maayos).
- Bintana sa tabi ng nagmamaneho na bumababa.
- Windshielf na nagpapahintulot ng buo at walang nakaharang na tanaw para sa iyo at sa taga-eksamen.
- 2 rear view mirror. Ang isa ay dapat nasa kaliwa, sa labas ng sasakyan.
- Mga pinto sa tabi ng nagmamaneho at pasahero sa harap na bumubukas mula sa loob at labas.
- Isang glove box na maayos na nakasara.
- Isang upuan ng pasahero sa harap na permanenteng nakakabit sa sasakyan.
- Mga gumaganang sinturong pangkaligtasan (seatbelt), kung ginawa ang sasakyan nang may mga seatbelt.
- Gumaganang handbrake.

Ipapaturo sa iyo ang mga kontrol ng mga headlight ng sasakyan, mga wiper ng windshield, defroster, at hazard sign. Kailangan mong ipakita kung paanong gamitin ang handbrake.

Mahalaga: Ang driving test na aktwal na nagmamaneho ay muling isiskedyul kapag hindi natugunan ng sasakyan ang mga pangangailangang nasa itaas o kapag tumanggi kang gamitin ang iyong (mga) seatbelt sa panahon ng driving test.

Pananagutang Pinansyal

Dapat ipakita mong maayos na naka-insure ang iyong sasakaya nbago magsimula ang driving test (kung hindi, ipo-postpone ang test) sa pamamagitan ng pagbibigay ng isa sa mga sumusunod:

- Isang dokumentong may policy ng insurance ng pananagutan o numero ng surety bond.
- Isang nakatalagang card ng insurance sa panganib kasama ng pangalan ng nakatalagang kompanya ng insurance, numero ng file, at mga petsa ng kasalukuyang pagkakasakop.
- Isang kasalukuyang binder ng insurance o kopya ng insurance policy na nilagdaan ng isang kinatawan ng kompanya ng insurance.
- Isang sertipiko ng self-insurance na ibinigay ng DMV o pagkilala ng depositong pera.
- Isang nakasulat na kumpirmasyon mula sa taga-insure na naka-insure ang tao.
- Isang kontrata sa pag-upa ng sasakyan (dapat nakalista ang aplikante sa kontrata bilang naka-insure na nagmamaneho).

Mahalaga: Kapag ang isang pinauupahang sasakyan ay ginamit para sa driving test, dapat hindi ipahiwatig ng **kontrata** na hindi kasama ang mga driving test.

Pagkatapos ng Iyong Driving Test

Ang pagkakaroon ng lisensya sa pagmamaneho ay nangangahulugang natugunan mo ang mga kahingian ng driving test. Gayunpaman, sa araw-araw na pagmamaneho ay kakailanganin mong humarap sa maraming sitwasyon na hindi mo naranasan sa iyong driving test. Ang pinakamahusay na paraan upang makitungo sa mga hindi inaasahang sitwasyon ay ang laging paggamit ng parehong ligtas na mga kasanayan sa pagmamaneho at pagiging responsable na iyong ipinakita sa iyong driving test.